



Buntis ka ba?

Magpabakuna laban sa COVID-19

Mahigpit na inirerekomenda ang bakuna laban sa COVID-19 para sa mga babaeng buntis at nagpapasuso

Ang mga bakuna laban sa COVID-19 na available sa UK ay nakitang epektibo at may magandang profile sa pagiging ligtas. Mahalagang magkaroon ng mga bakuna laban sa COVID-19 para maprotektahan ka at ang iyong sanggol.

BAKUNA LABAN SA COVID-19 sa panahon ng pagbubuntis

Ipinagbibigay-alam na ngayon ng Joint Committee on Vaccination and Immunisation (JCVI) na mas nanganganib ang mga babaeng buntis sa malalang sakit na COVID-19. Pinapaalalahanan nila ang mga babaeng buntis na magpaturok ng mga bakuna laban sa COVID-19 sa lalong madaling panahon. Hindi nila dapat ipagpaliban ang pagpapabakuna hanggang sa makapanganak muna sila. Ito ay para protektahan sila at ang kanilang sanggol. Sa UK, mahigit 100,000 babaeng buntis ang binakunahan pangunahin na ng mga bakunang Pfizer at Moderna at may magagandang profile ang mga ito sa pagiging ligtas.

Walang lamang buhay na coronavirus ang mga ito at hindi makakahawa sa isang babaeng buntis o sa kanyang hindi pa naisisilang na sanggol sa tiyan.

Patuloy na sinusuri ng World Health Organization (WHO) at ng nangangasiwalang lupon sa UK, USA, Canada at Europe ang ebidensya tungkol sa bakuna laban sa COVID-19.

Ang mga bakunang Pfizer at Moderna ang mas pinipiling bakuna para sa mga babaeng buntis, anuman ang kanilang edad, na nagpapaturok ng una nilang dosis.

Sinumang nagsimula na sa pagpapabakuna at inalukan ng ikalawang dosis habang nagbubuntis ay dapat magpaturok ng parehong bakuna para sa ikalawang dosis maliban na lang kung nagkaroon sila ng malubhang side effect matapos ang unang dosis.

Alamin ang higit pa tungkol sa pagbubuntis, pagpapasuso, kakayahang magkaanak at bakuna laban sa coronavirus (COVID-19) sa website ng NHS

Bakit ko kailangan ang bakuna kung buntis ako?

Kung magkaroon ka ng sakit na COVID-19 sa huling yugto ng pagbubuntis, mas mataas ang panganib mo at ng iyong hindi pa naisisilang na sanggol na magkaroon ng malubhang sakit na nangangailangan ng pagpapaospital at intensive care na gamutan. Ipinapakita ng data ng UK na halos lahat ng babaeng buntis na may sakit na COVID-19 na nangailangan ng gamutan sa ospital o intensive care ay mga hindi nabakunahan. Mababa ang pangkalahatang panganib mo at ng iyong bagong sanggol mula sa sakit na COVID-19 pero tumaas ito mula noong mga unang yugto ng pagkalat ng COVID-19.

Nagbibigay sa iyo ang mga bakuna laban sa COVID-19 ng matataas na antas ng proteksyon laban sa sakit na ito. May impormasyong nakakapagbigay ng katiyakan tungkol sa kaligtasan ng mga bakuna laban sa COVID-19 na ibinibigay sa mga babaeng buntis sa UK, pati na sa iba pang bansa.

Mahalagang protektado ka ng lahat ng dosis mo ng bakuna para panatilihin ka at ang iyong sanggol na ligtas. Huwag maghintay na makapanganak ka muna bago magpabakuna.

Ang mga babaeng buntis na may mga dati nang kondisyon sa kalusugan ay may mas mataas na panganib na makaranas ng malulubhang kumplikasyon mula sa COVID-19.

Mga salik ng panganib para sa mga babaeng buntis

Kung may mga dati ka nang medikal na kondisyon gaya ng:

- mga problema sa immune system
- diabetes
- high blood pressure
- sakit sa puso
- hika/asthma

O kung ikaw ay

- labis ang timbang
- mahigit nang 35 taong gulang
- nasa ikatlong trimester ng pagbubuntis (mahigit 28 linggo)
- may etnikong pinagmulan na itim o asian minority
- o hindi pa nababakunahan o hindi pa kumpleto ang bakuna

Mas mataas ang panganib mong magkaroon ng COVID-19 kaysa sa mga kaedad mong babae na hindi buntis.

Ano ang epekto nito sa akin?

Pagbubuntis

Hindi na kailangang iwasang magbuntis matapos ang pagpapabakuna laban sa COVID-19.

Walang ebidensyang may anumang epekto ang COVID-19 sa kakayahang magbuntis o sa mga posibilidad mong mabuntis.

Kung buntis ka

Nagbibigay ang mga bakuna laban sa COVID-19 sa mga babaeng buntis ng pinakamagandang proteksyon laban sa sakit na COVID-19 na puwedeng maging malubha sa huling bahagi ng pagbubuntis para sa ilang babae.

Magbibigay sa iyo ng magandang proteksyon ang unang dosis ng bakuna laban sa COVID-19. Kailangan mong magpaturok ng iyong mga dosis sa tamang oras para makuha ang pinakamagandang proteksyon. Dapat mong kunin ang ikalawang dosis 8 hanggang 12 linggo pagkatapos ng unang dosis. Hindi mo kailangan ipagpaliban ang ikalawang dosis na ito. Kung naipagpaliban mo ang iyong pagpapabakuna dahil sa anumang dahilan, magpaturok sa lalong madaling panahon.

Kung nakapagpaturok ka na para sa unang dosis ng bakuna laban sa COVID-19 nang walang anumang malubhang side effect, puwede kang magpaturok ng parehong bakuna kapag inialok ito.

Kung bakunang AstraZeneca ang unang dosis mo, puwede mong isaalang-alang ang impormasyon sa polyetong ito www.gov.uk/government/publications/covid-19-vaccination-and-blood-clotting.

Mga booster na bakuna

Kwalipikado ang mga babaeng buntis para sa booster, 12 linggo pagkatapos ng ikalawa nilang dosis. Ang iniaalok na pang-booster na dosis ay posibleng bakunang Pfizer o Moderna.

Walang bakunang 100% epektibo kaya mahalagang patuloy na sundin ang kasalukuyang gabay ng bansa.

Para protektahan ang iyong sarili at ang iyong pamilya, mga kaibigan at mga kasamahan, DAPAT ka pa ring:

- magsuot ng face mask kapag inirerekomenda ang pagsusuot nito
- masusi at madalas na hugasan ang iyong kamay
- buksan ang mga bintana para papasukin ang preskong hangin
- sundin ang [kasalukuyang gabay](#)

Pagpapasuso

Alam ng lahat ang mga benepisyo ng pagpapasuso.

Inirerekomenda ng JCVI na puwedeng magpabakuna habang nagpapasuso. Kaayon ito ng mga rekomendasyon mula sa USA at sa World Health Organization.

Gaya ng lahat ng gamot, nagdudulot ang mga bakuna ng mga karaniwang side effect. Makakatulong na tiyaking alam mo kung ano ang dapat asahan pagkatapos mong magpabakuna, lalo na kung kakapanganak mo lang o may ibang anak na inaalagaan.

Pakibasa ng polyetong 'what to expect after your COVID vaccination' www.gov.uk/government/publications/covid-19-vaccination-what-to-expect-after-vaccination.

Ang Royal College of Obstetricians and Gynaecologists (RCOG) at Royal College of Midwives (RCM) ay may gabay sa pagdedesisyon at iba pang impormasyong puwedeng makatulong sa iyo tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19 at pagbubuntis (rcog.org.uk – www.rcm.org.uk/guidance-for-pregnant-women).

Kung gusto mong ipakipag-usap ang tungkol sa pagpapabakunan laban sa COVID-19, makipag-ugnayan sa iyong midwife, doktor, o nurse.

Huwag magpaliban para pagkatapos na lang makapanganak magpabakuna, maglaan ng oras para kunin ang pinakamagandang proteksyong mayroon tayo laban sa sakit na COVID-19 para sa iyo at sa iyong sanggol.



Pagpapabakuna, tumutulong para protektahan ang mga mas mahihina at nanganganib.



Available din ang libreng polyetong ito sa braille, bilang video sa BSL, malalaking titik, bilang isang audio file at sa 27 wika, pakibisita ang www.healthpublications.gov.uk para mag-download o mag-order ng mga kopya ngayon. O tumawag sa 0300 123 1002 para mag-order.